# Sagutan ang Sarbey Tungkol sa Pagparada sa Komunidad (Neighborhood Parking Survey) at iparinig ang inyong boses!

Nakikipagtrabaho ang pangkat para sa Pamamahala sa Pagparada at mga Bangketa (Parking and Curb Management team) ng SFMTA kay Superbisor ng Ahsha Safaí ng Distrito 11 upang makatulong sa pagtugon sa mga inaalala ng mga residente ukol sa limitadong nagagamit ng paradahan sa kalye at lalo pang pagdalas ng ilegal na pagparada sa mga bangketa, rampa para sa wheelchair, harapan ng bakuran, at harapan ng mga fire hydrant o pinagkukunan ng tubig sa panahon ng sunog.

Sa Marso, magpapadala sa koreo ang SFMTA ng mga sarbey sa bawat address na nasa mga komunidad ng Excelsior at Mission Terrace /Cayuga. Layunin ng sarbey na makakalap ng impormasyon tungkol sa katangian at dahilan ng mga problema sa pagparada sa komunidad, at mahiling sa mga residente na sabihin ang kanilang opinyon tungkol sa Residensiyal na Permit para sa Pagparada (Residential Permit Parking). Pakitandaan na sa panahong ito, wala pang pormal na mungkahi para sa RPP sa Excelsior at Mission Terrace /Cayuga.

Pinasimulan ang Residensiyal na Permit para sa Pagparada (Residential Permit Parking) noong 1976 bilang paraan upang maprotektahan ang mga residensiyal na komunidad mula sa mas masikip na trapiko at pagparada ng mga nagbibiyahe o commuter, dahil sa mga nagbubunsod ng malalang trapiko, tulad ng mga distrito kung saan marami ang nag-eempleyo, estasyon para sa transportasyon, ospital at unibersidad. Sa kasulukuyan, mayroong 21 Lugar na mayroong RPP sa San Francisco. Sa mga lugar na may RPP, nagtatakda ng mga limitasyon sa oras upang mapigilan ang pagparada ng mga nagbibiyahe, at hindi naman sakop ng mga limitasyon sa oras na ito ang mga residenteng may RPP na permit. (Pakibisita ang aming website sa www.sfmta.com/rpp para sa dagdag na impormasyon tungkol sa RPP.)

Maiksi lamang ang sarbey -- pinakamarami na ang 10 tanong -- at dapat 5 minuto lamang ang kailangan para makompleto ito. Magbibigay ng website address na may link sa sarbey para sa mga residente na mas gustong kompletuhin ang sarbey online. Masasagutan ang sarbey sa apat na wika: Ingles, Espanyol, Tsino at Filipino. Tatanungin ng sarbey ang mga sumusunod na impormasyon:

- ✓ Address ng Tahanan
- ✓ Bilang ng tao sa kabahayan at pangkat na sumasaklaw sa edad (age range) ng mga taong ito
- ✓ Bilang ng sasakyan na nagagamit ng mga miyembro ng kabahayan
- ✓ Magagamit na paradahan sa kalye (halimbawa, driveway o pasukan ng sasakyan, garahe, carport o masisilungan ng kotse sa tabi ng bahay)
- ✓ Antas ng suporta para sa Residensiyal na Permit para sa Pagparada (Residential Permit Parking, RPP)

Kung mayroon kayong numang tanong tungkol sa sarbey, paki-email si Kathie Studwell sa kathryn.studwell@sfmta.com.

SFMTA

311 Free language assistance / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma / Бесплатная помощь переводчиков / Trợ giúp Thông dịch Miễn Phí / Assistance linguistique gratuite / 無料の言語支援 / Libreng tulong para sa wikang Filipino / 무료 언어 지원 / การช่วยเหลือทางด้านภาษาโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย / خط المساعدة المجاني على الرقم